# PAMAHALAANG BAYAN NG TAYTAY
## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HALAW SA MGA KATITIKAN NG 74 KARANIWANG PULONG NANG SANGGUNIANG BAYAN NG TAYTAY NANG IKA-28 NG SETYEMBRE TAONG 2000 SA BULWAGANG KAPULUNGAN NG GUSALING PAMBAYAN NG TAYTAY SA LALAWIGAN NG RIZAL.**

- - - - - - - - - - - - - -

**MAY KATHA: KGG. FELIMON M. SANTOS - KONSEHAL**

- - - - - - - - - - - - - - -

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Adelina T. Reyes | - | Pangalawang Punong Bayan Tagapangulo |
| Kgg. Fernando R. Cabitac,Jr | - | Konsehal |
| Kgg..Randy S. San Juan | - | " |
| Kgg.. Anastacio V. Alcantara | - | " |
| Kgg. Carlito G. Gonzaga | - | " |
| Kgg. Ceferino R. Resurreccion,Jr | | " |
| Kgg. Felimon M. Santos | - | " |
| Kgg. Janet DL. Mercado | - | " |
| Kgg. Andres C. Cruz, Jr. | - | Pangulo ng Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Aldin B. Gatapia | - | Pangulo ng Sanggunian Ng Kabataan |

**DI DUMALO:**

Kgg. Noel Ireneo E. Reyes - Konsehal (O.B.)

- - - - - - - - - - - -

**<u>KAUTUSAN BILANG 22</u>**

**KAUTUSAN NAGSUSUSOG SA KAUTUSAN BILANG 3 SERYE NG TAONG 1962 PARTIKULAR SA KAPARUSAHAN NAGSASAAD DITO**

**KAUTUSAN NAGSUSUSOG SA KAUTUSAN BILANG 3 SERYE NG 1962 TUNGKOL SA TAGAPAGLUTO, TAGAPAGSILBI AT TAGAPAGDULOT NG PAGKAIN MAGING LALAKE AT MAGING BABAE SA ALIN MANG; TINDAHAN NG PAGKAIN, GAYA NG RESTAURANT, PANCITERIA, REFRESCO, CARENDERIA AT IBA PANG KAURI NITO NG KANI-KANILANG LARAWAN ANG NAKASABIT O' NAKALAGAY SA HAYAG NA POOK NG NASABING TINDAHAN NA MAKIKITA NG MGA TAO NA KASAMA ANG PAHINTULOT PARA SA KALUSUGAN NA BIGAY NG DOKTOR PANGBAYAN (TO HAVE THEIR PICTURE WITH THEIR SANITARY PERMIT ISSUED BY THE MUNICIPAL**

**HEALTH OFFICER BE POSTED IN A CONSPICUOUS PLACE INSIDE THE SAID STORE)**

SANG-AYON, sa kapangyarihan na pinagkaloob ng "Republic Act 7160" na lalong kilala sa katawagan na Local Government Code of 1991 ang Sangguniang Bayan ay nag-uutos na;

SECCION 1. Ang Kautusan Bilang 3 serye ng taong 1962 na sinusugan ay gaya ng mga sumusunod;

SECCION 2. Mahigpit na ipinag-uutos sa lahat ng nagsisilbi at tagapagluto maging Babae at Lalake ( Waitress- Waitresses and Cook) ng mga tindahan ng pagkain, gaya ng mga Panceteria, Restaurant Refresco, Carinderia at iba pang kauri nito na magkaroon ng kani-kanilang larawan na nakasabit o nakalagay sa hayag na pook ng nasabing tindahan na makikita ng mga tao na kasama ang pahintulot para sa kalusugan na bigay ng Doktor Pangbayan ( To have their picture with their sanitary permit issued by the Municipal Health Officer be posted in a conspicuous place inside the said store);

SECCION. 2-A Sino mang nagsisilbi ( waitress, waitresses and cook na umalis sa pinaglilingkuran tindahan ay dapat alisin sa pagkakasabit ang kanilang larawan at pahintulot para sa kalusugan at kung sino man ang makakapalit ay dapat ilagay ang kanyang larawan at pahintulot sa nasabing sabitan;

SECCION. 3 - Ang Ingat Yaman ng Pamahalaan ng Bayan ng Taytay, Rizal o' ang kanyang kinatawan ay binibigyan ng lubos na kapangyarihan na makapagsiyasat kung ang lahat ng mga nagsisilbi o' tagapagsilbi (waitress, waitresses and cook) sa nasabing tindahan ng mga pagkain ay may mga kani-kanilang larawan at pahintulot para kalusugan na bigay ng Doktor Pangbayan;

SECCION. 4- Ang sino mang may-ari, tagapamahala at namamahala ng alin mang tindahan ng pagkain ay hindi pahintulutan ang kanyang mga tagapagsilbi, tagapagluto at tagapagdulot ng pagkain ng walang larawan at pahintulot para sa kalusugan ( picture and sanitary permit) na nakasabit sa hayag na pook ng nasabing tindahan na binibigyan ng manggamot ng Bayan ( Municipal Health Officer) at ang walang larawan at pahintulot sa kalusugan ng mga tagapagsilbi, tagapagluto at tagapagdulot ng pagkain ay binibigyan ng tatlong (3) araw para makakuha ng pahintulot ng Doktor Pangbayan at magpagawa ng kanyang larawan mula sa tanggapan ang babala na padala ng Ingay-Yaman at kung sakali na hindi matupad ang itinadhana sa Seccion ito ang nasabing may-ari tagapamahala at namamahala ng tindahan ng pagkain ay siya'y parurusahan sang-ayon sa itinadhana ng kautusang ito;

SECCION. 5 – Ang sino mang nagsisilbi ( waitress, waitresses and cook maging Lalake o maging Babae na mapatunayan nagkasala o lumabag

sa kautusan ito o' alin man bahagi ng kautusan ito ay papatawan ng parusang multa P150.00 sa unang paglabag P 300.00 sa ikalawang paglabag at sa ikatlo P500.00 na hindi hihigit sa dalawang libo limang daan(P2,500.00) piso o' pagsisilbi sa Komunidad na ayon sa kapasyahan ng hukuman at pagsasawalang bisa ng pahintulot para makapagsilbi.

SECCION. 6 – Ang sino mang may-ari namamahala ng alin mang tindahan ng pagkain, gaya ng Restaurant, Panciteria Refresco, Carinderia at iba pang kauri nito na mapatunayan nagkasala o lumabag sa kautusang ito o' alin mang bahagi ng kautusang ito ay papatawan ng parusang multa P 1,000.00 Sa unang paglabag P 1,500.00 sa ikalawang paglabag P 2,500.00 sa ikatlo na hindi lalagpas ng Dalawang Libo Limang Daan ( P2,500.00) Piso o' pagkabilanggo ng hndi lalagpas ng anim (6) na buwan o sabay ayon sa kapasyahan ng hukuman.

SECCION. 7- Kung sakalit ang alin man sekyon o'bahagi ng kautusang ito ay ideklarang imbalido o' illegal, ang iba pang probisyon na hindi apektado ay mananatiling balido.

SECCION. 8- Ang kautusang ito ay mag-kakabisa matapos mapagtibay.

PINAGTIBAY, ngayon ika 28 ng Setyembre dito sa Session Hall Gusaling Pamahalaan Taytay, Rizal.

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan ng kapasiyahang ito na pinagtibay parin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang bayan ng taytay sa naganap na 74 karaniwang pulong nang ika-28 ng setyembre taong 2000 sa bulwagang kapulungan ng gusaling Pambayan ng Taytay.

**SONIA C. SAMSON**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA**

**ADELINA TAMAYO-REYES.M.D.**
Nanunuparang Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**JUNE V. ZAPANTA**
Nanunuparang Punong Bayan